

**Tinatawagan ng pansin ng Amnesty International ang pamahalaan ng Saudi Arabia upang ipahayag ang kaagad na pagpapaliban sa mga pagbibitay at gawing alinsunod ang mga legal at pang-hukuman na pamamalakad ng bansa ayon sa mga internasyonal na pamantayan.**

ng kamatayan. Mayroong tunay na panganib na si Sultan Kohail ay maaaring masentensyahan ng kamatayan.

#### PANAHON NA PARA SA PAGBABAGO

Patuloy na ipinapairal ng Saudi Arabia ang parusa ng kamatayan. Ito ay isang resulta ng malupit na patakaran hinggil sa parusa ng bansa; ang lubhang malihim at pang-buod na sistema ng hustiya laban sa krimen; ang may pinapanigan na paggamit ng parusa ng kamatayan laban doon sa walang depensa at dehadong mga miyembro ng lipunan; at ang patuloy na paggamit nila ng pinakasukdulang anyo na kaparusahan laban sa mga lumalabag sa batas na kabataan. Lahat ng mga pamamalakad na ito ay humahamon sa mga internasyonal na pamantayan at kalakaran ukol sa parusa ng kamatayan. Sa aspeto ng mga malulubhang karahasan na ito sa internasyonal na batas, paulit-ulit na ipinapahayag ng Amnesty International ang panawagan nito sa pamahalaan ng Saudi Arabi na magdeklara ng kaagad na pagpapaliban sa mga pagbibitay at kaagad na kumilos upang umalinsunod ang mga legal at pang-hukuman na pamamalakad ng bansa ayon sa mga internasyonal na pamantayan.

Amnesty International,  
International Secretariat, Peter Benenson House  
1 Easton Street, London WC1X 0DW  
United Kingdom  
www.amnesty.org

Index: MDE 23/031/2008  
Oktubre 2008

#### HADI SAIEED AL-MUTEEF

Noong 1994, si Hadi Saieed Al-Muteef, isang mamamayan ng Saudi Arabia, ay inaresto dahil sa di-umano'y pagsasalita na itinuturing na salungat sa batas ng Islam at Shar'ia. Hinatulan siya ng kamatayan noong 1997. Makalipas ang sampung taon, noong Enero 2007, nakatanggap ng impormasyon ang Amnesty International na isinasaalang-alang ng mga awtoridad ng Saudi Arabia ang ganap na kapatawaran; pagdating ng Hulyo, nawasak ang gayong mga pag-asa sanhi nang naging malinaw na tuloy pa rin ang hatol ng kamatayan. Ngayon, makalipas ang 14 taon nang siya ay maaresto, at 11 taon makalipas na siya ay nahatulan ng kamatayan para sa hindi mapaliwanag na kasalanan, hindi pa rin natitiyak ang kapalaran ni Hadi Saieed Al-Muteef. Ngayon, siya ay nakakulong sa Nejrain Central Prison sa katimugang bahagi ng Saudi Arabi, hindi pa niya



© Private

nalalaman kung siya ay hahantong sa bitay o hindi.

**Si Hadi Saieed Al-Muteef ay nasentensyahan ng kamatayan noong 1997.**

## MGA REKOMENDASYON

### NAKIKIUSAP ANG AMNESTY INTERNATIONAL SA PAMAHALAAN NG SAUDI ARABIA NA:

- i-utos ang kaagad na pagpapaliban sa mga pagbibitay tulad ng hiling ng UN General Assembly noong Disyembre 2007;
- kaagad na ihinto ang pagpapairal ng parusa ng kamatayan laban sa mga kabataan bilang alinsunod sa Artikulo 37 (A) ng Convention on the Rights of the Child (CRC);
- Lubos na bawasan ang bilang ng mga sala na maaaring magtamo ng parusa ng kamatayan at ang pag-ayon sa lahat ng mga batas at pamamalakad hinggil sa parusa ng kamatayan nang alinsunod sa UN Safeguards na tinitiyak ang proteksyon sa mga karapatan noong mga humaharap sa parusa ng kamatayan (United Nations Economic and Social Council Resolution 1984/50 noong ika-25 ng Mayo, 1984); at
- Repasuhin ang mga kaso ng lahat ng mga nakakulong na kasalukuyang nahatulan ng kamatayan na may layunin na mapalitan ang kanilang mga sentensya.

Ang **Amnesty International** ay isang pandaigdigang kilusan ng 2.2 milyong katao mula sa higit sa 150 mga bansa at teritoryo, na ikinakampanya ang karapatang pantao.

Aming mithiin na ikalugod ng bawat isa ang lahat ng mga karapatan na itinuturing banal sa Universal Declaration of Human Rights at sa iba pang mga internasyonal na instrumento na nagtataguyod ng karapatang pantao. Ang Amnesty International ay walang kinalaman sa anumang pamahalaan, pulitikal na paniniwala, mga partisipasyon sa pananalapi o relihiyon.

Malaking bahagi ng aming gawain ay napopondohan mula sa mga kontribusyon ng aming mga miyembro at mga donasyon.

# INSULTO SA KATARUNGAN

## SINU-SINO ANG MGA TAO NA BINIBITAY SA SAUDI ARABIA?

**AMNESTY INTERNATIONAL**



**AMNESTY INTERNATIONAL**



Ang dami ng mga binitay sa Saudia Arabia ay biglang tumaas sa loob ng nakaraang dalawang taon. Mayroong humigit-kumulang na 158 nabitay sa bansa noong taong 2007, apat na beses ang dami kung ikukumpara noong taong 2006, at halos 66 katao ang nabitay sa unang anim na buwan noong taong 2008. Ang mga hatol ng kamatayan ay madalas na ipinapatupad sa pagtatapos ng isang lubhang itinatago at lubusang hindi makatarungang paglilitis ng kaso na nagdudulot ng sukdulang pamimighati hindi lamang para doon sa mga nahatulang nagkasala, ngunit pati na rin ang kani-kanilang mga pamilya. Karamihan sa mga biktima – kung saan marami ang nabitay – ay nasentensyahan makalipas na mahatulan para sa hindi marahas o walang pagkakalinaw na paliwanag na kasalanan. Dumaraan sila sa mga tinatawag na “summary trial” o madaliang paglilitis at madalas ay wala silang mga abogado na maaaring magtanggol sa kanila at halos walang proteksyon laban sa hindi wastong pagpapatupad ng katarungan. Ang mga binibitay ay madalas na pinuputulan ng ulo, at madalas ay sa harap ng publiko.


**WALANG PROTEKSYON PARA SA MGA MAHIHIRAP NA MIGRANTE**  
Higit sa kalahati ng mga kilalang nabitay sa loob ng nakaraang 23 taon sa Saudi

Arabia – halos 830 katao – ay mga dayuhan lahat, karamihan sa mga manggagawang migrante ay mula sa mga mahihirap at umuunlad pa lamang na bansa sa Asya at Aprika. Madalas, kapag nahatulan ng mga matinding sala, hindi sila nakatatanggap ng legal na payo o pagtatanggol, at bigo ang kanilang sari-sariling mga pamahalaan na manghimasok ng wasto sa ngalan nila upang matiyak na sila ay mapapasailalim sa isang makatarungang paglilitis at pilitin ang kapatawaran. Ang mga manggagawang migrante na mula sa mahihirap na bansa ay partikular na kulang sa depensa sanhi ng likas na malihim at pang-buod ang proseso ng hustisya sa krimen sa Saudi Arabia, at mas madalang na makakatanggap sila ng kapatawaran kaysa sa mga mamamayan ng Saudi Arabia mismo na nahatulan ng kamatayan. Madalas na nag-iisa sa isang dayuhang bansa na walang mga kamag-anak na mahihingan ng tulong, ang kanilang mga paglilitis ay isinasagawa sa wikang Arabic ngunit madalas ay walang tumutulong na mga tagasalin na iniwan silang hindi tiyak ukol sa daloy ng paglilitis. Ang ilan ay walang malay sa sila ay nahatulan na ng kamatayan hanggang sa katapusan ng kanilang mga paglilitis - at totoo nga na sa ibang mga kaso, iyong mga nasentensyahan ng kamatayan ay nalaman lang na sila ay nahatulan ng parusa ng kamatayan sa kinaumagahan ng kanilang pagbitay.

Ang mga kababaihan, parehong ang mga dayuhang migrante at mga taga-Saudi Arabia mismo, ay tiyak din na walang depensa na nagdurusa sa diskriminasyon. Ayon sa mga rekord ng Amnesty International, halos 40 kababaihan ang nabitay sa Saudi Arabi mula noong 1990. Halos 40 porsiyento sa mga ito ay nahatulan para sa mga kasalanan na hindi hahantong sa kamatayan; ang karamihan sa mga kababaihan ay mga migranteng manggagawa na nagmula sa mga umuunlad na bansa. Sa kabila ng matinding paghihiwalay ayon sa kasarian sa lipunan ng Saudi Arabia, ang mga kababaihan na sumasalungat sa utos ng batas ay inaaresto, inuusisa at hinahatulan ng mga kalalakihan na sadyang hindi isinasaalang-alang ang pagbabanta, harassment at takot na maaaring kasama sa pagsasagawa nito.

Ang kaso ni Haleema Nissa Cader ay isang kaso na nagpapaliwanag sa paksa. Isang babaeng taga-Sri Lanka, siya ay inaresto noong Nobyembre 2005. Ayon sa mga ulat ng press, siya ay nasentensyahan ng kamatayan noong Hunyo 2007 ng isang korte sa Jeddah kasama ng kanyang asawa, isang mamamayan ng Indya na si Naushad Nissa Cader, at isang lalaking taga-Sri Lanka na si K.M.S. Bandaranaike. Siya ay nahatulan bilang kaugnayan sa pagpapatay ng isang babae habang

**MGA DAYUHAN NA NABITAY SA SAUDI ARABIA 1985-MAYO 2008**



ninanakawan ang kanilang tahanan. Sinasabi na ang kanilang kaso ay nasa yugto ng pag-aapela, ngunit walang mga dagdag na detalye ang tiyak na alam at maaaring sila ay napipinto sa panganib ng pagkabitay.

**ANG MGA BATA AY HINDI LIGTAS**

Ang Saudi Arabi ay walang malinaw na proteksyon upang maiwasan ang paggamit ng kaparusahan ng kamatayan laban sa mga bata. Ang mga hukom ay mayroong kapangyarihan upang pagpasyahan ang kahustuhan ng gulang para sa mga bata at sa ganoong paraan, ang edad ng pananagutan sa krimen, at ang nasabing pagkakaroon ng kalayaan na magpasya para sa sarili, ay maaaring makapagdulot ng malulubhang konsekuwensya.

Si Sutan Kohail ay naaresto kasama ng kanyang kapatid na lalaki na si Mohamed, na parehong mga taga-Canada, at isa pang lalaki para sa sala

**“Ang aking anak na lalaki... isang mahirap, walang pinag-aralan ni kaalam-alam sa salitang Arabic, ay walang kamalay-malay ukol sa paglilitis at hindi nagkaroon ng paraan o kaalaman upang ipagtanggol ang kanyang sarili bilang inosente sa korte... [Siya] ay nag-iisang kumikita mula sa isang malaking pamilya na kinabibilangan ko – na may sakit pa at matanda na, ang kanyang asawa at ang apat na taong gulang na anak na babae... [kami] lamang ang umaasa sa kanya para sa aming ikabubuhay.”**

Ang ina ng nakakulong na hinatulan ng kamatayan, batay sa isang krimen na kinaugnayan ng bawal na gamot, ay sumusulat ng isang apela ng kapatawaran kay Haring Abdullah ng Saudi Arabia, 2007

ng pagpatay sa isang batang lalaki na taga-Syria na namatay sa isang away sa likuran ng paaralan noong Enero 2007. Ang nakatatandang kapatid na lalaking si Mohamed Kohail, 23 taong gulang, ay diumanoy sinuntok at sinipa ng mga imbestigador at di lumaon ay umamin. Siya ay nahatulan na nagkasala ng pagpatay at maaaring ngayon ay ilang linggo na lamang bago tuluyan na

ibitay. Ang labimpitong taong gulang na Sultan ay nilitis bilang isang menor de edad sa korte na walang hurisdiksiyon na ipatupad ang parusa ng kamatayan at nasentensyahan ng paghahagupit at isang taong pagkakakulong noong Abril 2008. Gayon pa man, dahil kasalukuyan pa ring tumatakbo ang kaso, maaari pa rin itong irekomenda na litisin muli sa isang korte na maaaring iatas ang parusa

**ISSA BIN MUHAMMAD ‘UMAR MUHAMMAD**



Limang kabataang lalaki ang nasentensyahan ng kamatayan ng Madina General Court noong Pebrero 2008, makalipas na maaresto at napatunayan na nagkasala para sa habla ng pagnanakaw at pananakit. Ayon sa pasya, sila ay nasentensyahan para sa mga sala na naging sanhi ng mga kilos ng “katiwalian sa mundo” sa ilalim ng batas ng Shar’ia. Ang dalawa sa limang lalaki ay may edad na 18 taong gulang noong ipinaratang ang nasabing krimen – si Sultan Bin Sulayman Bin Muslim al-Muwallad, isang mamamayan ng

Saudi Arabia, at ‘Issa Bin Muhammad ‘Umar Muhammad, na taga-Chadia, ay parehong may edad na 17 taong gulang. Sila ay nasentensyahan ng kamatayan sa kabila ng mga obligasyon ng Saudi Arabia sa ilalim ng Convention on the Rights of the Child (CRC), na ipinagbabawal ang pagbibitay doon sa mga may edad na 18 taong gulang nang maganap ang krimen.

**Si Issa Bin Muhammad ‘Umar Muhammad (nasa kaliwa) ay 17 taong gulang noong siya ay nasentensyahan ng kamatayan.**